3

# Filipino

## Ikaapat na Markahan – Modyul 5: Pagsulat ng Talata




ALTERNATIVE DELIVERY MODE

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Filipino – Ikatlong Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikaapat na Markahan - Modyul 5: Pagsulat ng Talata**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Metus B. Suarez, Maryam Dessa Buat, Marco Rigor A. Jumawan, Marjun B. Rebosquillo

**Editor:** Maylen F. Sardido, Ramon S. Gravino Jr.

**Tagasuri:**

**Tagawasto:** Juvy A. Comaingking

**Tagaguhit at Tagalapat:** Marco Rigor A. Jumawan, Marjun B. Rebosquillo, Jocoh Romero

**Tagapamahala:** Evelyn R. Fetalvero, Janette G. Veloso, Analiza C. Almazan, Ma. Cielo D. Estrada, Mary Jane M. Mejorada, Cristy C. Epe, Beverly S. Daugdaug, Mary Joy B. Fortun, Imelda T. Cardines, Joan M. Niones

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ________________________

**Department of Education – Region XI**

Office Address: F. Torres St., Davao City
Telefax: (082) 291-1665; (082) 221-6147
E-mail Address: region11@deped.gov.ph * lrms.regionxi@deped.gov.ph

3

# Filipino

## Ikaapat na Markahan – Modyul 5: Pagsulat ng Talata

DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Filipino – Ikatlong Baitang ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling Pagsulat ng Talata!

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pampubliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:

*Mga Tala para sa Guro*

Ito'y naglalaman ng mga paalala, panulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa Filipino – Ikatlong Baitang ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul ukol sa Pagsulat ng Talata!

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| *Alamin* | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| *Subukin* | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
| *Balikan* | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
| *Tuklasin* | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |

*Suriin*

Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan.

*Pagyamanin*

Binubuo ito ng mga gawaing para sa mapatnubay at malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul.

*Isaisip*

Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin.

*Isagawa*

Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay.

*Tayahin*

Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi.

*Karagdagang Gawain*

Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin.

*Susi sa Pagwawasto*

Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul.

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

*Sanggunian*

Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito.

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

# Alamin

Magandang araw sa iyo. Maligaya ako dahil nakarating ka sa modyul na ito.

Bilang mag-aaral, isa sa mga kasanayang nararapat mong linangin ay ang pagsulat ng talata. Sa modyul na ito, matututuhan mo ang pagsulat ng talata upang maging epektibo o malinaw ang pagpapahayag ng iyong opinyon o karanasan.

Pagkatapos ng modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

- nakasusulat ng talata (3KM-IVd-3.1).

# Subukin

Malalaman natin sa pamamagitan ng maikling pagsusulit na ito kung kailangan mo pa ang modyul na ito.

Bumuo ng isang talata na naglalarawan sa iyong kaibigan. Sumulat ng hindi bababa sa limang pangungusap. Isulat ang iyong sagot sa kuwaderno.

Paksa: Ang Aking Kaibigan

Kumusta ang pagsasanay? Nagawa mo ba nang tama ang pagsulat ng talata? Tingnan ang pamantayan sa rubrik na nasa susunod na pahina. Maaari kang humingi ng tulong sa iyong guro o tagapagdaloy upang maiwasto ang iyong talata.

Kung nakakuha ka ng 10/10, mahusay! Marami ka ng nalalaman tungkol sa pagsulat ng talata. Maaari mo nang laktawan ang modyul na ito.

Kung 9/10 o mababa pa ang iyong iskor, huwag mabahala. Para sa iyo ang modyul na ito. Tutulungan ka nitong maintindihan ang ilang mahahalagang kaisipan na magagamit mo sa pagsulat ng talata. Handa ka na ba?

Maaari mo nang umpisahan ang unang gawain.

# Aralin 1 Pagsulat ng Talata

## *Balikan*

Basahin ang sumusunod. Lagyan ng tsek(/) ang bilang kung ito ay isang talata, ekis(x) naman kung hindi. Isulat ang iyong sagot sa kuwaderno.

______ 1. Ang trumpo ay hugis-itlog na gawa sa kahoy at mayroong pako sa dulo o kaya ay kahoy na tinulisan. Ang pagpapaikot ng trumpo ay kinagigiliwang laruin ng mga bata bago pa man dumating ang mga Español sa Pilipinas.

______ 2. Sina Brianna at Zam ay magkaibigan.

______ 3. Sadyang nakahahalina ang mga tanawin sa amin. Sa harap ng aming bahay ay may hardin na puno ng mga halamang namumulaklak at mga berdeng gulay. Sa likuran ng bahay ay may alagang kambing. Sa labas ng bakuran ay ang malawak na bukirin na natatamnan ng gulay. Sa dako pa roon ay makikita ang puno ng mangga na hitik sa bunga. Tunay na kasiya-siyang tingnan ang magandang paligid.

_____ 4. Isang bayabas, pito ang butas.

_____ 5. Hindi maiiwasan ang mga natural na kalamidad. Dumarating ito sa ayaw o sa gusto natin. Dahil na rin sa kapabayaan ng tao, may baha, sunog, lindol, sakit, at digmaan. Ang kailangang malaman ng tao ay kung paano haharapin ang mga kalamidad na ito.

## *Tuklasin*

Basahin ang talata.

<u>Ginagamit ang kawayan sa paggawa ng maraming bagay.</u> Ito'y ginagawang haligi, sahig, at hagdan ng bahay-kubo. Ginagawa rin itong mesa, upuan, bakod, at papag. Ang tinatawag na bumbong ay ginagamit na alkansiya o impukan ng pera.

Ito ay isang halimbawa ng talata.

Napansin mo ba ang pangungusap na may salungguhit?

# *Suriin*

Ang nakasalungguhit na pangungusap ay ang **pangunahing kaisipan**. Ito ay ang pangkalahatang diwa ng teksto. Dito umiikot ang iba pang ideya na nais maisama sa teksto. Karaniwang ito ay nasa unang bahagi o malapit sa simula ng talata. Maaari din itong nasa hulihan ng talata.

Sinusundan ito ng mga **pantulong na kaisipan**. Ito ay mga detalyeng sumusuporta sa pangunahing kaisipan. Ang mga pantulong na kaisipan ay magkakaugnay sa isa't isa.

Handa ka na bang sumulat ng talata?

Pag-aralan mo ang mga gabay upang makabuo ng isang makabuluhang talata.

1. Dapat na may pasok o indensyon sa panimula ng talata. Ang pasok o indensyon ay isang pulgada mula sa **margin** o palugit kung sulat-kamay o limang espasyo kung ito ay makinilyado.
2. Dapat din may espasyo sa gawaing kanan ng papel, hindi sagad sa dulo, at kalahati ng sukat ng palugit sa gawing kaliwa hindi kasama ang pasok o indensyon.
3. Gumamit ng tamang bantas, malaki at maliit na titk, at mayamang bokabularyo.

Pansinin ang talata.

Si Gng. Claro ang aking guro. Siya ay mahusay magturo. Mabait siya sa kaniyang mga mag-aaral. Tumutulong siya sa anumang oras na kailangan namin ang kaniyang payo o panahon. Kaya mahal namin ang aming guro.

- Malinaw ba ang pagkakalahad ng ideya sa talata?
- May pasok ba o indensiyon sa simula ng talata?
- Gumamit ba ng tamang bantas?
- Nagsimula ba sa malaking titik ang mga pangungusap?

Kung ang sagot mo sa mga tanong ay oo, tama ka.

# Pagyamanin

## Gawain A.

Masdan ang larawan. Bumuo ng talata na hindi bababa sa limang pangungusap. Isulat ito sa iyong kuwaderno.



## Gawain B.

Sumulat ng isang talatang naglalarawan sa mga ginagawa ng pamilya sa tahanan. Isaalang-alang ang mga gabay sa pagsulat ng talata. Isulat ito sa iyong kuwaderno.



____________________________________________________________
__________________________________________________________________
__________________________________________________________________
__________________________________________________________________
__________________________________________________________________

**Gawain C.**

Sumulat ng talata tungkol sa paborito mong alagang hayop. Isulat mo ito sa kuwaderno.

____________________________________________________________
__________________________________________________________________
__________________________________________________________________
__________________________________________________________________
__________________________________________________________________

Gamitin ang pamatayan sa ibaba sa pagwawasto ng mga naisulat na talata. Maaaring humingi ng tulong sa iyong guro o tagapagsanay sa pagwawasto ng anumang talata sa modyul na ito.

Pamantayan sa Pagsulat ng Talata

| Pamantayan | Puntos | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | 10 | 8 | 6 | 4 | 2 |
| 1. Nakabuo ng talata na may kaugnayan sa konseptong ibinigay. | | | | | |
| 2. Wastong ang gamit ng mga salita. | | | | | |
| 3. Wasto ang paraan ng pagsisimula ng pangungusap at may tamang espasyo ang talata. | | | | | |
| 4. Wasto ang baybay ng mga salitang ginamit. | | | | | |
| 5. Wasto ang bantas ng mga pangungusap sa talata. | | | | | |

## Isaisip

Punan ng angkop na salita ang patlang upang mabuo ang pangugusap. Isulat ang sagot sa kuwaderno.

1. Ang __________ay ang paksa o ang kabuoang diwa ng akda.
2. Ang ________________________ ay ang mga sumusuportang pangungusap sa paksa.
3. Ang mga pangungusap sa talata ay dapat _________________ sa isa't isa.
4. Ang talata ay ginagamitan ng ____________________ sa simula ng talata.
5. Ang talata ay gumagamit ng tamang _____________________, ______________ o maliit na titik at mayamang bokabularyo.

## Isagawa

Sumulat ng isang talata sa iyong kuwaderno na nagsasalaysay ng iyong karanasan sa panahon ng **home quarantine** o pananatili sa loob ng bahay dahil sa **Covid-19**. Maaaring ito ang mga bagay na iyong ginawa habang nasa loob ng bahay o ang mga natutuhan mo habang kasama ang iyong pamilya sa panahon ng quarantine.

_________________________________________________________________

_____________________________________________________________________


_____________________________________________________________________


_____________________________________________________________________

_____________________________________________________________________

# *Tayahin*

Pumili ng isang larawan sa ibaba. Sumulat ng isang talata ukol dito.







# *Karagdagang Gawain*

Sa iyong kuwaderno, sumulat ng talatang nagsasalaysay kung paano ka inaalagan ng iyong mga magulang o tagapag-alaga.

# *Susi sa Pagwawasto*

**Balikan**

1. /
2. X
3. /
4. X
5. /

**Isaisip**

1. Pangunahing kaisipan
2. Pantulong na kaisipan
3. magkakaugnay
4. indensiyon o puwang
5. bantas, malaki

Magaling! Tapos mo na ang modyul. Subukin mong ibahagi sa isang kaibigan ang mga natutuhan mo.

# *Sanggunian*

Agbon, Z. 2013. *Filipino: Daan Tungo Sa Pagbabago at Pag-Unlad*. Makati City: Don Bosco Press, Inc.

Department of Education. 2016. *K to 12 Gabay Pangkurikulum Filipino (Baitang 1-10)*.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph